"Ang dumi-dumi, yung ano madumi pa yung mga gawa. Tapos yung ... kaya pag-uwi ang dumi-dumi namin. Sa mga balat, ganyan. Yung pinaggupitan." (II-19-2/4)

"Maraming balat ng suwelas na nakakalat." (I-11-1)

"Oo, madumi. Makati. Kumakapit yung dumi sa katawan niyo tapos mangangati ka. Mga himulmol."
(II-21-2/4)

"Maingay. Sa makina." (II-19-10)

Ocular visits to workplaces revealed that work conditions were far from ideal. The illumination was not all adequate except for those who work by the roadside. Nor is the ventilation sufficient in both the crowded homes and dingy shops.

One sweatshop virtually looks like a giant oven, while some of the homes appear fit only for sub-human existence.

The propensity to develop asthma or tuberculosis, or to have weak eyesight under such work conditions is high.

15. At worst, children complain about the rugby they inhale as they spread it onto the materials with their bare fingers. They seem well aware of its adverse effects such as headache, difficulty in breathing, dizziness, and over a long period - some respiratory ailment. The boys complain about the smoking in the work place while older girls surmise that aside from rugby, the dust and dirt from the leather cuttings can also cause allergies and respiratory infections. One mother who also works in a shoe factory claims that perhaps she got her asthma from the dust which accumulates in the factory.

mahina ang baga. Kasi halos ang nagiging sakit ng sapatero, mag-aareglo yung sa baga." (Mother)

"Siyempre kahit na umayaw kayo ng ganong amoy komo yun ang talagang gamit diyan sa tsinelas hindi maiiwasan na hindi yan ang gagamitin niyo." (Mother)

"Yung madali akong mahapo kasi may asthma ako. Delikado din, kaya nga si Maribelle ang nagpapahid ng ano ko dahil bawal sa akin ang maka-amoy ng karam o ng cement. Hindi naman ano kasi pagka-ano pinagma-mask ko siya eh. May mask siya diyan pag siya'y magpapahid dala-dala niya yan." (Mother)

Other parents, though, consciously prevent their children from handling or even being near rugby because of its ill effects on them.

"Sumasakit ang ilong niya (Ana Rubie), sumasakit yung ulo niya pag madalas siyang nakaka-singhot. Pinatitigil ko na, sabi ko, 'Ako na lang' kasi bago pa lang, siyempre bata pa eh baka mamaya maano ..." (Mother)

"Oo, yung pag pahid ng karam maselan yan. Nakakahina ng baga yang karam. Hindi, ako ang nagpapahid kahit yung sa dalaga ko ako rin. Eh ako malakas ang naturalesa ko kaysa sa bata. Siyempre pag bata mahina ang baga niyan lalo pag sipunin lalong sisipunin." (Mother)

"Sabi nila nakaka-high daw yun eh. Pero talagang nakaka-hina ng baga kasi humina yung baga ko diyan eh. Kasi nung nagtatrabaho ako sa gawaan humina yung baga ko doon." (Mother)

"Oo. Ayaw din niya ng amoy niyang karam (rugby). Pagka halimbawa nagpapahid kami pinalalabas ko muna sila. Pagka tuyo na hindi na masyadong maamoy." (Mother)

The older boys claim their superiors advise them to wear masks, but, as the children themselves admit, the gear sometimes just becomes a nuisance. They rationalize that constant exposure eventually inures them to the supposed ill effects.

"Yung primer, pinakamatapang yun, pag naamoy mo yun parang may tama ka nun. Pero may mask kami para hindi maamoy yung rugby." (I-12-12)

"Nagma-mask din kami." (I-12-9)

"Minsan nagtatakip ng ano. Ng tela para hindi mo maamoy." (II-39-7)

"Minsan pag nagsasawa ka na, tinatangal na lang. Nagtitiis uli." (II-40-7)

"Nung una yun ginagamit ko. Pero nung mga ... hindi na. Araw-araw naaamoy nasanay na. Sanay na rin, nahiyang na." (II-40-2/4)

16. Those who work full-time also acknowledge that working overnight or successive nights during peak season brings about loss of appetite and sleep due to exhaustion. But notwithstanding all these risks, they would rather work and earn than remain idle and penniless.

"Nakakawalang ganang kumain." (I-19-12)

"Minsan wala ka ng oras para kumain. Dahil iniisip mo maaga kang makatapos." (I-19-12)

"Yung pagpupuyat. Malakas makapagpapayat yun. Minsan 2 o 3 araw na sunod-sunod na puyat." (I-17-9)

"Ayos lang sa amin." (I-17-11/12)

"Nakakasawa na ring tumambay lagi. Mas maganda yung may ginagawa ka, pagkatapos ng gawa mo at saka ka na lang tumambay." (I-18-10)

"Ako naisip ko lang. Pag lagi akong tambay wala naman akong kita eh di ... kung magtatrabaho ako eh di magkakapera pa ako." (I-15-1)

"Ako bale nagustuhan ko kasi nakakatulong ako, pandagdag sa pangaraw-araw naming gastos, kaya ayun nagustuhan ko." (II-38-4)

3.4 The Pressing Need to Work

17. While the boys claim they arrived at the decision to work on their own, most of the girls say they were influenced by their parents.

"Kusa lang namin." (I-15-12)

"Wala. Sarili lang namin." (I-16-7)

"Ako nanay ko lang. Sabi niya kung meron daw akong trabaho na mapapasukan, pasukan ko na kaysa naman tatambay lang daw ako." (I-15-9)

"Kasi daw pag wala daw akong ginagawa nasa kalsada ako, bale tumulong na lang daw ako sa kanya." (II-36-8)

"Sabi ng Nanay ko na tutulong kami." (II-35-1)

"Sa magulang. Bale ako Nanay ko kasi hindi na nga ako makapag-aral, nagtrabaho na lang ako." (II-34-5/2)

Older boys and girls say they have come to realize it is better to be productive than to hang around and get drawn to drugs. Then too some older respondents perceive work as fruitful leisure or a good antidote for boredom.

"Para malayo sa mga pinagbabawal na gamot." (I-16-12)

"Ano pag ano madali lang kasi. Bale pag walang ginagawa, imbes na mag-bisyo ka katulad ng sugal yan na lang ang gawin mo, makakatulong ka pa." (II-38-3)

"Kung tatambay ka lagi, ang mapapala lang namin pakikipag-away." (I-15-3)

"Parang libangan na lang. Pag ano wala kang ginagawa minsan. Pag hindi maganda ang palabas sa TV, walang mga kaibigan mo, nakikita kong pinsan kong gumagawa, tinutulungan ko." (II-35-10)

As for the younger respondents, some claim to be driven by their desire to help the family while others say they are eager to gain experience or learn a trade this early in life. One boy said that working early would give him the opportunity to save for a college education.

"Gusto kong tulungan ang mga magulang ko. Gusto ko silang tulungan na magtrabaho." (I-15-5)

"Gusto ko ring tulungan ang magulang ko." (I-15-7/2)

"Kaya rin ako nagtrabaho para makatulong ako sa magulang ko. Para makaganti naman kami sa pagpapalaki nila sa amin." (I-15-4/5)

"At saka para maraming pang-bili ng pagkain." (I-15-2)

"Sa akin wala ring nagsabi na magtrabaho ako. Kaya lang ako nagtrabaho para paglaki ko marunong na akong magtrabaho." (I-15-6)

"Minsan pag wala akong ginagawa tinutulungan ko ang Nanay ko para madaling matapos. Kasi gabi na siyang natatapos eh. Tinutulungan ko." (II-37-1)

"Hangga't maaga ganon nasasabak kami sa trabaho, nababanat mo yung mga buto mo. May nalalaman ka nang trabaho. Pumunta ka man sa ibang pabrika, ganon may nalalaman ka. Kailangan marunong ka na."
(II-41-4/2)

"Kailangan kasi parang ... parang kaya mong buhayin ang sarili mo. Marunong kang magtrabaho." (II-41-10)

"At saka para maka-ipon ako ng pang-college ko."
(I-15-8)

Like the younger boys who are keen to help their parents, the girls aspire to contribute to the family coffers or lighten the financial burden by earning their own "baon".

They claim their parents sensitize them to the difficulties of making both ends meet.

"Para makakuha ng pangbaon ko." (II-36-9)

"Ako na rin ang nagkusang magtrabaho. Magtrabaho para may pang-ano. Para may panggastos." (II-34-2/5)

"Kung may tiyaga may nilaga." (II-42-10)

"Siyempre nasa pagtuturo ng magulang yan, kung papano natin imumulat yung kahirapan. Kung papano humawak ng pera. Katulad niyan, sa hanapbuhay naming ito talagang napakahirap, sabi ko sa kanila, 'Magtulong-tulong tayo,' sa problema, sa hanapbuhay. At saka kung halimbawa kung ano rin ang problema naming mag-asawa sinasabi din namin sa kanila at saka kung papano nila kami matutulungan." (Mother)

"Oo. Kasi sa akin mas gugustuhin ko na hangga't bata matuto sila, alam nila ang takbo ng buhay. Mahirap yung laging nakasandal sa iyo, katulad niyan hindi sa akin nagbibigay, hindi naman ako nag-a-abroad. Hindi bale kung nag-a-abroad pa ako, kahit papano ... at saka bakit sila maghahanapbuhay, di ba? Mag-aral sila kung gusto nila, kung gusto nilang kumain at matulog diyan, walang problema. Siyempre ... siguro nakikita nila kaya ... yung mga anak ko hindi ko naman pinu-push yan na magtrabaho, nagkukusa sila." (Mother)

"Kasi ako sinasabihan ko sila. Yung anak kong lalaki pinagsasabihan ko kung gaano kahirap kumita ng pera."
(Mother)

Some of the younger ones say they help out because they cannot bear to see their parents get sick from overwork.

"Para matulungan ko ang nanay ko, kasi hirap na hirap na siyang mag-gawa. Lagi na lang siyang may hika eh."
(I-15-3)

"Kasi nakikita ko na hirap na hirap na sila. Pagod na pagod na sila. Kung minsan nagkakasakit na sila sa sobrang dami ng gawa." (I-16-2)

"Para guminhawa naman ang buhay namin." (I-16-7)

18. Aside from skills development, both the child workers and their parents see in work the values of discipline, perseverance, sense of responsibility, money, and self-reliance.

"Nakakatulong sa sarili." (I-18-9)

"Nakakadagdag ng kaalaman." (I-18-8)

"Natututo akong magtrabaho." (I-18-5/2)

"Oo, may halaga. Ngayon alam niya kung papano magpahalaga sa pera. At saka binibili lang niya yung dapat bilhin. At saka iniisip niya kung yun eh tamang bilhin. Hindi siya katulad ng iba na pag may nakitang isang bagay na gusto lang niyang ipang-display, bibilhin.

Siya hindi, iniisip niya ang bibilhin niya kung magagamit niya." (Mother)

"Natuto rin sila ng pag-gawa kung sabagay dito sa Marikina talagang ang ano dito puro gawaan ng sapatos. Pag marunong kang mag-areglo hindi ka mawawalan ng trabaho. Dahil kahit saan ka pumasok basta marunong kang mag-areglo, manahi, may trabaho kang mapapasukan hindi ka mawawalan, hindi ka magugutom."
(Mother)

"Katulad niyan yung pambaon nila kinikita nila at nakakapag-savings pa kahit konti." (Mother)

"Mainam yun dahil sa murang isipan nila namumulat sila sa paghahanap-buhay. Pero pagka naengganyo silang ganyan nakakalimutan nilang mag-aral kaya kailangan konti lang hindi biglaan. Oo, malaking bagay yun kasi halimbawa, tulad naming mahihirap hindi namin kaya silang pag-aralin sa college ... parang working student na rin yun." (Mother)

"Oo, sabi ko, 'Sabagay hangga't hindi 'ka nag-aaral tumulong ka na rin sa amin para lumaki ang kita natin.' Parang nagsisikap siya na matututo, yung sa paggawa ko tinitingnan niya ganon. Parang naa-ano din siya ... at saka para maka-ipon din siya." (Mother)

"Meron siguro dahil hangga't maaga natuto siya kung paano ang pagbuo nun. Yung halimbawa diyan kami nagkaka-pera, di ba? Alam na niya na doon nanggagaling ang pera namin. Siguro nalalaman din niya na pag wala kaming gawa, wala din silang pera." (Mother)

"Eh kung hindi na nga siya nag-aaral at wala na siyang pera, wala na kaming pera, gusto niyang magkapera. Yung bata bang gustong magkaroon ng hanapbuhay ganon ang attitude." (Grandmother)

"Sa akin naman kaysa maka-isip silang magnakaw, maigi na yung ganon. Yung kumita sila ng kahit konti, pang-merienda nila o pambili ng laruan. Kasi magkaka-pera sila, puwedeng pang-merienda, ganon." (Mother)

"Mainam din, hindi naman kasi ano yun ... mabuti nga yun hangga't bata siya natuto. Dahil ako, bata pa kasi ako marunong na akong mag-areglo." (Mother)

"Siyempre para magkaroon sila ng ... self supporting. Halimbawa pag pasok niya, meron siyang pang-merienda." (Mother)

"Kasi sa akin para magkaroon sila ng experience. Para matuto sila sa buhay nila at saka siyempre marami silang nakakahalubilong tao. Hindi laging naka-istambay sa bahay. Ako, liberated ako, practical ako sa buhay ko. Gusto ko malaya sila, pero ayoko nung inaabot ng hating-gabi. Pero siyempre pag sa trabaho ..." (Mother)

"Mahalaga para sa kanya ang magtrabaho dahil unang-una importante sa kanyang matutong magtrabaho dahil wala naman siyang pupuntahan. Katulad ko rin yan na walang aral. Kung hindi siya magsusumikap na magtrabaho ng ganito, ano ang magiging buhay niya. At wala rin naman siyang alam na ibang trabaho at wala rin siyang natapos na katulad ko kaya ganon ang mangyayari." (Father)

"Ang ano ko lang maganda talaga kung pagsusumikapan niya yung trabaho. Pero kung hindi pagsusumikapan talagang walang mangyayari sa buhay dahil wala rin siyang natapos na katulad ko. Kaya nga ang sa akin parang ang magiging tulong ko na lang sa kanya dahil wala rin naman kami yung turuan ko siya talaga na ... halos lahat sa sapatos maituro ko sa kanya hanggang sa mayari. Para kung saka-sakali mang ano kaya niya. Makakaya niyang buhayin ang sarili niya." (Father)

"Siyempre maganda para sa kanya kasi kung baga maganda nga sa mga bata matuto na siya. Pagdating ng araw marunong na siya kung paano mabuhay. Mas gusto ko yun kung pupuwede." (Mother)

19. Child workers in the sample also do not see their work as hazardous, except for the potential health problems caused by rugby; neither do they find it boring, or stressful. Their parents seem even less likely to see any downside to their children working.

20. Children and their parents alike claim they put a high premium on education. Sadly, because of limited financial resources one boy disclosed that he would rather earn than go to school.

"Siyempre may halaga ang pag-aaral. Ibig kong sabihin nalalaman nila yung takbo ng buhay natin sa araw-araw. Nakakakuha siya ng mabuting asal kung papano magpalakad sa kanilang buhay. Mas mahalaga naman ang pag-aaral niya kaysa naman sa pag-aareglo lang." (Mother)

"Yan naman hindi pang-habang buhay na ano yan (pagsusulot/pag-aareglo). Ibig kong sabihin ... hindi naman sa binababaan mo ang ano, siyempre pag may pinag-aralan ka mas mataas ang magiging position mo pagka nagtrabaho ka. Yan (pagsusulot) naman pang-ano lang niya. Ibig kong sabihin pag emergency meron siyang perang nagagamit." (Mother)

"Gusto ko yung pag-aaral muna. Para matuto muna kasi ang mga bata makikita mo agad yung interest niya na matuto nang magtrabaho. Kasi ang bata na maagang kumita nakakalimutan ng mag-aral kasi sasabihin nila, 'Bakit pa ako mag-aaral eh kumikita na naman ako.' Mas mahalaga yung makatapos muna sila bago kumita. Kahit na eh kung makalimutan naman yung pag-aaral, mahirap. Talagang ibang maka-engganyo ang kumikita na kaysa sa pag-aaral. Lalo na yung mga ganyang bata, ang gusto nila kumita na lang kaysa mag-aral. Lalo na pag medyo mahina ang ulo, siyempre mas gugustuhin

nila na maghanap-buhay na lang kaysa mag-aral. Kasi gusto ko na makatapos sila para pag dumating yung pagkakataon na magka-asawa sila may hanap-buhay sila, tulong silang mag-asawa." (Mother)

"Ang kainaman ng pag-aaral kasi katulad ngayon degree holder na hindi pa matanggap ng trabaho eh ... mas mabuti yung tapos." (Mother)

"Para sa akin mahalaga yung pag-aaral niya, palibhasa wala naman kaming ipagpapa-aral sa kanya, kaya tumutulong na lang siya sa akin. Ang gusto ko talaga makatapos sila ng pag-aaral. Para kung sakaling maghanap sila ng trabaho madali silang makapasok." (Mother)

"Hindi. Pagka may homework siya hindi naman siya inaano ng lola niya. Hindi naman siya obligado. Hindi puwede sigurong hindi siya mag-aral dahil lalaki naman siyang ano ... katulad na lang namin hindi kami nakatapos, hanggang third year high school lang ako." (Mother)

"Mahalaga talaga sa katulad niyang mga bata yung mag-aral sila. Siyempre nandoon yung pag-asa nilang matuto. Yung paglaki nila hindi sila lalaking bobo, hindi lalaking istambay. Siyempre halimbawang makatapos siya di makakahanap siya ng magandang trabaho." (Mother)

"Siyempre habang ako'y kumikita di hindi siya matitigil ng pag-aaral. Siyempre ang gusto niya makapag-aral. Siyempre bago trabaho siguro pag-aaral muna ang kanyang uunahin." (Mother)

"Yun nga kung sila'y magkaroon ng trabaho eh di medyo gaganda ang buhay nila." (Mother)

"Mas gusto niyang mag-aral kasi sinasabi ko na, 'Naku, mag-aral kayong maigi napakahirap ng trabaho ko pag ito ang natutunan niyo walang mangyayari sa inyo pag nagkaroon kayo ng pamilya.'" (Father)

"Gusto ko yung mag-aral talaga siya, mahirap kasi yung hindi ka makapag-aral. Kaya kaming mag-asawa ginagapang namin yung mga anak namin na makatapos sila na huwag magaya sa amin." (Father)

"Yung pag-aaral siyempre, kahit naman sinong magulang yun ang gusto. Importante yun, kasi hanggang pagtanda mo dala mo yun. Eh napakadali namang humanap ng trabaho lalo na at nakatapos ka. Lalo na ganyan, may experience siya, madali na siyang makakapasok ng trabaho. Yan talagang mahina ang ulo, pero pinu-push ko pa rin sa pag-aaral." (Mother)

"Mag-aral muna. Kasi kaya gusto kong mag-aral muna, ikaw kasi mag-aral malapit ang suwerte di ba. Hindi katulad nung mangmang. Mas gusto kong mag-aral na lang siya ngayon, kahit na sabihin pa natin na ang ibibigay na trabaho sa kanya ay maganda. Mas importante kasi yung edukasyon ng isang tao." (Mother)

"Ako ayoko ng mag-aral, gusto ko lang maraming pera. At saka para matuto ring gumawa ng sapatos dahil sa Marikina sapatos ang ano." (I-14-12)

Furthermore, a number of parents and their children say they would be fulfilled if the latter could complete high school and hence find work in a factory. When asked why they would be content with just a high school diploma for their children, some parents retort they are just being realistic. They do not want to aim higher only to end up dismally disappointed.

"Gusto ko ang nag-aaral dahil pag nakapagtapos ka na ng high school makakapasok ka na rin sa mga pabrika."
(I-20-1)

"Yung tapos ka ng high school puwede na. 'Halimbawa, pabrika." (Father)

"Ang gusto ko kasi makapag-aral yung pangatlo kong anak at saka yung dalawang anak ko gusto ko na kahit high school makatapos sila para kung halimbawa sila'y magkapamilya ... o kaya gusto nilang mag-trabaho matatanggap sila sa trabaho kaya gusto ko na kahit high school makatapos sila. Itong isang anak ko (nagsashine) hinihimok ko na mag-aral ... kung gusto niyang mag-trabaho, sige magtrabaho ka na muna, siguro kung gusto na niyang mag-aral ... mag-aaral na siya. Oo, pero matalino sa klase yan siguro nakatamaran niyang mag-aral ... pero kinukumbinse ko siyang mag-aral sabi ko sa kanya, 'Naku, kung wala kang natapos, wala ganyan ka na lang eh kung halimbawa merong kumursunada sa iyo na ilipat ka sa magandang puwesto hindi ka matatanggap dahil hindi ka tapos ng high school,' kasi ngayon ang hirap ng trabaho pag hindi ka tapos ng high school eh." (Mother)

"Yun nga kung sila'y makatapos di meron silang kinabukasan. Hindi naman sila lumaking wala silang ... ika nga kahit papaano marunong silang bumasa at sumulat. Ngayon kung talagang gusto nilang matuto ng ano di sa abot ng aking makakaya ... halimbawa makatapos man lang sila ng high school at makapasok sila ng trabaho di lalong maganda." (Mother)

"Ang ano ko na lang sa kanila habang ako'y nabubuhay ang gusto ko mapag-aral ko sila hanggang kaya ko. Kung nakatapos na sila at may mga trabaho na di bahala na sila sa sarili nilang mag-ano ... bumuhay." (Mother)

"Yun bang pag nakatapos siya maka-ano man lang siya sa mataas-taas na trabaho. Yun bang maka-ano siya sa ... hindi yung hirap ka sa paghahanap ng trabaho pag nakatapos ka. Kung hindi ka tapos mahirap humanap ng trabaho. Sa pabrika hindi ka tatanggapin. Hindi kagaya noong araw, ngayon iba na ngayon." (Mother)

"Inaanuhan namin siya na mag-aral. Para ... dapat ang bata kumbinsihin mong mag-aral mabuti para makatapos siya kahit na high school kung may pampa-aral ka. Sa dami nga rin ng mga anak namin ... si Ryan kung tutuusin makakatapos yan dahil maano naman talaga ang ano niya. Oo. Pero kung maka-ano kami pag-aaralin namin siya ng college. Pero kinukumbinsi namin siyang mag-ano sa pag-aaral. Para naman makakuha siya ng kursong gusto niya. Tapos puwede na siyang pumasok sa opisina. Kung mataas-taas ang kanyang napag-aralan o natapos puwede siyang pumasok kahit sa opisina, ganon. Hindi siya puro ganyan na lang." (Mother)

"Hinihintay nga naming magsabi siya, kasi kung kami, ayaw naman niya. Masama naman yung pipilitin namin siya. Kasi ilang taon nang laging nabagsak yan. Ayaw na ngang tanggapin sa eskuwela yan." (Father)

"Kasi nga kahit high school lang matapos niya para kung gusto niyang mag-college, madali na. O kaya kahit sa pabrika man lang makapasok. Kailangan sa pabrika high school graduate. Kaya gusto namin kahit maka-high school siya." (Father)

"Nung nakakaraan talagang pursigido siyang mag-aral at saka kaya namin pinilit na mag-aral, kaso nga lagi namang bagsak. Tapos nito ngang nakaraang pasukan sabi niya titigil muna siya. Kasi ang mga anak namin hindi namin masyadong napag-uukulan ng panahon na

maturuan sa pag- aaral, kasi lahat kami nagtatrabaho. Kasi pag inano namin yung ganon, sa trabaho naman kami kakapusin baka lalong hindi makapag-aral. Kaya kinakailangan sariling sikap na lang nila." (Father)

"Gusto rin niya at saka sinasabihan ko siya na kahit papaano na makapagtapos ka lang ng high school para makapasok ka ng pabrika. Kasi sa pabrika ang tinatanggap nila mga high school graduates. Sabi ko kung hindi ka makakapag-tapos ng high school wala, hanggang diyan ka na lang." (Step-father)

"Yun nga tinatanong nga niya sa akin kung mag- aaral pa siya, sabi ko, 'Oo, pag natapos mo yung high school at saka ka mag-trabaho pero kung sakaling tayo'y gigin-hawa, didiretso ka. Gusto rin niyang makapag-aral maski vocational course lang o kaya technical. Sa akin simple lang kung may kaya lang ako kahit pagtapusin ko lang sila ng mga vocational dahil yun lang ang alam kong maipapamana ko sa kanila." (Step- father)

"Siyempre gusto naming umunlad. Hindi naman yung mataas na mataas, yung nasa middle lang. Mahirap maghangad ng napakataas baka mamaya hindi mo maabot masakit pa sa kalooban mo yun." (Mother)

"Tama na yung mabuting mamamayan. Simpleng pangarap lang." (Father)

But there are also those who aspire to see their children go all the way through to college in the hope that their college diploma will land them a secure white-collar job. Apparently, all parents and children see education as a ticket to socio-economic mobility though some feel more daunted to dream and fail than the rest.

"Siyempre makatapos sila ng pag-aaral hanggang college. Hindi ko lang alam kung ano ang gusto niyang kurso. Sabi ko sa kanya bahala siya kung ano ang gusto niyang kurso. Kasi kung pipilitin mo tapos hindi naman sila maligaya sa ganong kurso, pagdating ng araw ikaw ang sisihin. Maganda yung sarili nilang kagustuhan, di ba?" (Mother)

"Pag halimbawa, pag nagkaroon ka ng pagkakataon na magka-pera tapos pag gusto mong mag-aral ng College ... Ang kagalingan ng tapos ka merong kang nakikita na may diploma ka." (Father)

"Kasi gusto ko ring yung mga anak ko na nakatapos ng high school mapag-aral ko sa college. May gusto ngang kumuha ng seaman sa kanila. Yung panganay ko nga gustong mag-aral sa college kaso wala kaming pera. Kaya sabi ko kahit high school lang ang matapos nila at may diploma makakapasok na rin sila ng maayos. Ngayon kung gusto nilang mag-aral pa at may pera naman puwede rin, bakit hindi, di ba? Kung ako lang ang masusunod at talagang meron kaming pera na mag-asawa siyempre gusto namin makatapos sila ng pag-aaral, meron silang degree. Para maginhawa rin ang trabaho nila, gusto ko nga sa may aircon sila magtrabaho para hindi mainit." (Mother)

"Kung sila'y makapagtapos magagamit nila yun para sa kinabukasan nila. Yun ang pangarap ko sa buhay ang makapagtapos sila. Kasi wala naman akong maipapamana sa kanila kungdi yun na lang bagay na yun, ang pag-aaral nila. Yun kasi ang pangarap ko sa buhay." (Mother)

"Ako, wala akong ibang pangarap kung hindi ang makatapos ang aking mga anak ng kanilang pag-aaral dahil yun ang talagang pamana ng isang magulang kahit na siya'y mawala. Yun lang ang gusto ko, ang makatapos sila ng pag-aaral para magkaroon sila ng magandang kinabukasan." (Mother)

"Kasi gusto ko na makatapos sila para pag dumating yung pagkakataon na magka-asawa sila may hanap-buhay sila, tulong silang mag-asawa." (Mother)

"Makatapos lang sila ng pag-aaral nila, tama na." (Mother)

"Kung anong gusto nilang matapos tulad ni Amy, gusto raw niya nag-o-office siya kaya sabi ko sa kanya na mag-aral siyang mabuti para makatapos siya." (Mother)

"Kung yayaman ba sila eh di, mas lalong maganda pero ako gusto ko lang talaga na makatapos sila, makapag-aral." (Mother)

"May ambisyon siya, gusto niya raw na makatapos siya at makapag-abroad. Matalino naman siya sa eskuwela. Kasi matataas ang grades niya dati." (Mother)

"Kung sakaling siya ay matapos at matutulungan niya kami na maahon kami sa hirap. Yung hindi kami sumala

sa oras, yung makatulong sa ibang mga anak ko, yung mahihirap." (Mother)

"Yun nga, ang makatapos siya para marating niya yung gusto niya." (Mother)

"Yung makatapos sila ... maka-karera. Kasi pag nag-asawa sila kanya-kanya na silang pamilya, maganda na ang buhay nila. Yun lang ang ipapamana ko sa kanila dahil wala naman akong ipapamana sa kanilang lupa at saka bahay." (Father)

"Ang pangarap ko sa kanila eh yung makatapos sila ng kanilang pag-aaral para madali silang makakuha ng trabaho. Yun nga, yung makakuha sila ng magandang trabaho pag sila'y nakatapos. Hindi yung diyan lang siya sa pabrika ng sapatos." (Mother)

"Kapag talagang may pera kahit mapagtapos ko man lang siya sa kolehiyo. Kung wala talaga eh di, kahit high school na lang. Dahil sinasabi ko nga sa kanya na mag-aral siyang mabuti kung sakaling magkakaroon tayo ng ano pag-aaralin kita ng seaman." (Step-father)

"Sana gumanda ang takbo ng buhay namin, ganon. Kung sa pangarap hindi kami mauubusan ng pangarap, gabi-gabi kami nangangarap. Yun nga lang hanggang pangarap na lang kami." (Father)

"Hindi, para sa akin kung pangarap lang talaga eh di yung magandang kinabukasan para sa kanila. Hindi sila sumasala sa oras at saka may mga kaunting ipon." (Step-father)

"Kasi kung maaari lang at akong masusunod, gusto ko maging maganda ang buhay nila. Yung magkaroon sila ng magandang kinabukasan katulad ng halimbawa hindi kagaya ko, eto nakitira sa silong. Ngayon kung sila ika nga ay makatapos, pero ang kaya ko hanggang high school lang, hirap na hirap pa ako. Kung puwede nga lang mapag-college ko sila para ika nga makaranas ng ginhawa sa buhay dahil sila ay may trabaho. May magandang suweldo, makakabili sila kahit kapisang lupa. Makakapagawa sila kahit kapisang bahay na masasabi nilang kanila. Yung isang kaligayahan ng isang magulang na makita mo ang anak mo na kahit kapisaso may sarili. Hindi ng kagaya sa akin ay nakikitira lang. Habang panahong nakikitira." (Mother)

21. In addition to education for their children, parents dream of owning a piece of land and building their own house. Some of them even hope to put up their own business.

"Makapag-trabaho siya, gumanda ang kanyang buhay. Pag nakatapos at makapag-tarabaho siya di kahit na mag-asawa na siya." (Mother)

"Kasi naglalakihan na yang mga anak ko gusto ko may sarili na kaming bahay at saka gusto ko lang kung halimbawa, magkakaroon sila ng sariling pamilya yung magkaroon sila ng magandang pamumuhay. Basta makita ko lang sila na nasa maayos tuwang-tuwa na ako kahit wala akong pera basta maayos yung kalagayan nila, okey lang sa akin." (Mother)

"Ang sa akin yung guminhawa sila. Lalo na itong bahay kung sakaling ako'y susuwertehin ipapa-ayos ko ito. At saka yung hindi kami magkasakit kahit na kami ganito isang kahig isang tuka kumpleto na rin kami. Kung yayaman ba tayo eh di lalong magaling kaya lang hangganan na lamang kung saan tayo makakarating." (Father)

"Oo, importante yan. Katulad naming mahihirap yun (edukasyon) lang siguro ang mai-aano namin sa kanila yung may matutunan sila, makatapos sila ng pag-aaral. Kung sakaling magka-pamilya sila meron silang mai-aano, di ba? Sa ngayon kasi talagang kami'y kapos. Hindi ko pa naaano nga yung kailangan ng mga bata sa eskuwela. May gustong mag-aral hindi ko pa mapag-aral. Talagang ang ano namin pera. Yung pag-aaral nila, yung may maganda kang trabaho, may maganda kang kabuhayan, may bahay at lupa ka na sarili mo at saka yung makapagtapos ang mga anak mo." (Mother)

"Yung mapapagawa namin itong bahay, may konting negosyo, di ba? Yung may mapagkukunan ka ng ... pag kailangang bumili ng mga kailangan ng mga anak mo meron ka ng mapagkukunan. Hindi yung mag-iisip ka pa, minsan sasakit pa ang ulo mo pag wala. Minsan hindi na ako nag-iisip." (Mother)

"Ang pangarap ko magkaroon ako ng sariling lupa kahit kapisaso, matayuan kahit na isang maliit na kubo." (Mother)

"Gusto kong magkaroon ng sariling bahay, magkaroon ng matatag na hanapbuhay, mapag-aral ko ang mga anak ko

sa abot ng makakaya ko. Nagpapasalamat ako sa Panginoon at nabigyan kami ng biyaya." (Mother)

"Gusto ko talaga na makabili ng bahay at lupa kaya kaming mag-asawa nagtutulungan kaming dalawa pero siyempre ang uunahin niyo muna ngayon yung makatapos ang mga bata." (Father)

"Una, ang gusto ko sana magkaroon ng lupa. Pangalawa, magkaroon ng bahay. Pangatlo, makatapos sa pag-aaral ang mga anak ko at ng magkaroon sila ng magandang kinabukasan. Pang-apat, kung maaari sana hindi kami magkakasakit. Panglima, maging maayos ang aming buhay. Simple lang naman ang gusto ko eh. Hindi na ako naghahanap ng kahit ano pa." (Mother)

"Magkaroon ng puhunan sa sapatos, kasi ang aming materyales puro utang. At saka ang mga anak ko kung maaari makatapos ng pag-aaral dahil mahirap talaga ang walang pinag-aralan. Mahirap ang hindi tapos, ako, elementary graduate lang ako. Mahirap din talaga pag sa sapatos ka lang aasa. Mahirap mamasukan pag wala ka talagang natapos. Kasi pana-panahon lang ito, hindi naman pirmi ang takbo. Kung hindi pana-panahon ito, magandang negosyo itong sapatos." (Father)

"Kung tutuusin mas gusto ko ang nag-a-abroad. Pag naka-ipon ako gusto kong magtayo ng konting negosyo, kagaya ng kainan. Kasi sa catering department ako, food services doon sa abroad, sa hospital. Kaya yun ang pangarap ko." (Mother)

Interestingly, most children pine for a job or career that is starkly different from their current work. Some of their aspirations are to be a:

- seaman;
- businessman or businesswoman;
- mechanic;
- doctor;
- accountant;
- lawyer; or
- teacher.

But ultimately, the children confess that they hope for an easier and a more comfortable life for themselves, their parents, and even their future family.

"Gusto ko ring magkaroon ng bahay at lupa at saka kotse." (I-23-12)

"Magsisikap ako para magkaroon kami ng maginhawang buhay. Magsisikap ako para magkaroon ng bagong buhay. Yung mga magulang ko. Kasi hirap na hirap na sila." (I-23-2/5)

"Para makatulong sa mga magulang para guminhawa naman ang buhay nila." (I-22-12)

"Para makatulong sa magulang." (I-22-10)

"Para pagdating ng ... para pag nag-asawa ka na, may trabaho kang maayos." (I-22-9)

ANNEX 1
FOCUS GROUP DISCUSSION GUIDE

A. INTRODUCTION

1. Brief introduction on purpose of meeting; discussion rules and confidentiality of survey.
2. Brief introduction on moderator and participants.

B. GENERAL INFORMATION ABOUT RESPONDENTS

3. Personal circumstances
 - where live and study
 - size of the family, i.e. number of siblings and whether have single parent or two parents
 - roles of family members specially in supporting the family (in the context of child work)
 - group affiliations (e.g., youth movements)
 4. Describe routine on ordinary weekday
 - how spend working hours
 - how many hours spent on studies, work, recreation, if any
 - are there participants who have stopped schooling because of work
 5. Describe routine on weekend
 - how spend waking hours
 - how many hours spent on studies, work, recreation, if any
 6. Work conditions
 - place of work
 - whom do they work for; who supervises work
 - how many hours devoted to work per week
 - are they assigned particular days/week/year to work
 - tasks responsible for/assigned to
 - who are the other people engaged in the business/enterprise
 - remuneration/reward for working, if any, e.g. meals, board, schooling
 - what do they do with earnings: are earnings saved for the future/given to parents or siblings/spent on personal needs
 - any other sources of remuneration/reward
 - description of work area
 - significant experiences related to work
-

7. Attitudes toward work
 - motives for working (i.e. does work enable children financially to remain in school)
 - likes and dislikes
 - perceived value, if any
 - perceived hazards at work (physical, intellectual, social) and steps taken or intended to remove hazards; do they use any safety equipment/gadgets
 - do they find it stressful/exhausting/boring/risky/strenuous
 - has respondent suffered from illness or accident due to work
8. List to improve children's work conditions
9. Attitudes toward studies
 - perceived value, if any
 - motives for studying
 - how does work interfere with studies; has it prompted them to drop out at any point in time
 - whether or not work has adversely affected their studies
10. Aspirations for the future
 - a. marriage and family
 - b. career
 - c. social status
 - d. professional achievement/success/recognition
 - standards by which success will be measured (use projective techniques to draw feelings)
11. Ten top priorities in life

C. OTHER INFORMATION

12. General information on respondents' other interests, i.e. whether have opportunities to engage in/pursue:
 - sports activities
 - partying
 - tastes in music
 - holidays/summer vacation
 - any artistic bent
 13. Perceived prevalent socio-economic problems and sources of awareness
 14. Preferred or trusted sources of information
-

ANNEX 2
DISCUSSION GUIDE FOR IN-DEPTH INTERVIEW

A. INTRODUCTION

1. Brief introduction on purpose of meeting; discussion rules and confidentiality of survey.
2. Brief introduction on interviewer and interviewee

B. GENERAL INFORMATION ABOUT RESPONDENTS

3. Personal circumstances
 - where work
 - size of the family, i.e. whether single parent or two parents;
 - number of children
 - roles of family members in supporting the family
 - how the different family members apportion their time between work and studies or between work and other household duties
 4. Describe routine on ordinary/weekday
 - how spend waking hours
 - how many hours for work in a day
 5. Describe routine on weekend
 - how spend waking hours
 - how many hours spent on work, recreation, if any
 6. Work conditions
 - whom do they work for; who supervises work
 - how many hours devoted to work per week
 - do they assign family members particular days/week/year to work
 - what tasks are different family members responsible for/assigned to
 - who are the other people engaged in the business/enterprise
 - remuneration/reward for working, if any (meals, board, schooling, etc.); do they give remuneration/reward to other family members who work in the enterprise
 - description of work area
 - significant experiences related to work
-

7. Attitudes toward work
 - motives for making children work (i.e., does work enable children financially to remain in school)
 - likes and dislikes about work
 - likes and dislikes about making family members contribute to the work
 - perceived value, if any
 - perceived hazards at work (physical, intellectual, social) and steps taken or intended to remove hazards; do they use any safety equipments/gadgets
 - do they find it stressful/exhausting/boring/risky/strenuous themselves
 - do they perceive it as stressful/exhausting/boring/risky/strenuous for their working children
 - has respondent or any of family member suffered from illness or accident due to work
8. List to:
 - improve their life
 - improve work conditions for themselves; and for their working children
9. Attitudes toward their children's schooling
 - perceived value, if any
 - motives for letting their children study/making their children stop studying
 - whether or not they think work interferes with their children's studies; has work prompted their children to drop out at any point in time.
10. Aspirations for the future
 - a. family/children's future
 - b. work
 - c. social status
 - d. standards by which success will be measured (use projective techniques to draw feelings)
11. Ten top priorities in life

The International Labour Organization (ILO) launched the Interdepartmental Project on the Urban Informal Sector in three key cities of the world, namely, Metro Manila in the Philippines, Bogota in Colombia and Dar es Salaam in Tanzania. The project was implemented over a period of two years, 1992-1994, and it involved the combined efforts of ILO's technical departments and field staff as well as its various local partners. Throughout the duration of the project, ILO and its partners explored and experimented with approaches which would enhance the productivity of informal sector operators as well as their access to social security and improved working conditions. Together, they sought to lay the grounds for a consensus on priority action for the development and integration of the informal sector into the organized sector of the economy.

In Metro Manila, the project generated a series of 15 reports based on its assessments, and these in turn were instrumental in conceptualizing the subsequent action programmes. This particular document is part of the assessment report series. The complete list follows.

1. A Monograph on the Urban Informal Sector in Metro Manila
2. A Background Paper on the Informal Sector in the Philippines
3. Report of the ILO Inception Mission to Metro Manila
4. People with Disabilities in the Urban Informal Sector
5. Snapshot of Working Conditions in the Urban Informal Sector
6. Informal Sector: Labour Laws and Industrial Relations
7. A Study of Self-Help Associations in Metro Manila
8. Assessing the Efficiency and Outreach of Urban Micro-Finance Schemes
9. Feasibility Study for the Establishment of a Common Facility Center in Marikina
10. Child Workers in Footwear Manufacturing in Marikina
11. Subcontracting in Metro Manila: Operations and Perspectives
12. Formalization of Enterprises through Registration
13. Process of Formalization and Informalization: Selected Cases
14. Women as Caregivers and Breadwinners: A Report on Community-Based Child Care for Women in the Informal Sector
15. The Urban Informal Sector Survey in Metro Manila: Report on Survey Findings